SALT & LIGHT

# Ang mga Makatwirang Mamamayan ng Diyos

WEEK 5

## WARM-UP

- Magbahagi ng isang alaala tungkol sa naranasan mong pagkawala ng kuryente. Ano ang nangyari?
- Magkuwento tungkol sa isang tao na tumulong sa iyo sa isang mahirap na sitwasyon. Ano ang naramdaman mo?
- Magbahagi tungkol sa isang pagkakataon kung kailan hindi mo natulungan ang isang tao o kaya ay komunidad, na sa huli ay pinagsisihan mo. Ano ang nangyari?

## WORD

*6“Ang ayunong makapagpapalugod sa akin ay ang ayunong may kasamang matuwid na pag-uugali. Tigilan ninyo ang paggawa ng kasamaan, pairalin n’yo na ang katarungan, palayain ninyo ang mga inaalipin at ang inaapi ay inyong tulungan. 7Bigyan ninyo ng pagkain ang mga nagugutom, patirahin ninyo sa inyong tahanan ang mga walang tahanan, bigyan ninyo ng damit ang mga walang damit, at tulungan ninyo ang inyong mga kaanak.”*

**ISAIAS 58:6–7**

(Basahin din ang **ISAIAS 58:8–12; MATEO 5:13–16.**)

Inisip ng mga Israelita na ang pag-aayuno ay magbibigay sa kanila ng kapangyarihan laban sa Diyos: “Kung mag-aayuno kami, kailangan Mong sagutin ang mga panalangin namin.” Sa pamamagitan ng propetang si Isaias, hinamon ng Diyos ang kaisipang ito. Gamit ang ilang pahayag na nagbibigay ng pangangatwiran, ipinakita ng Diyos kung paanong ang pag-aayuno ay ginagawa ng mga makatwirang tao na nagsasapamuhay ng kanilang pananampalataya. Kapag isinasapamuhay ng mga mananampalataya ang kanilang pananampalataya, sila ang asin at ilaw ng mundo, at ito ay nararamdaman at nararanasan ng mga nasa paligid nila. Ngayon, tingnan natin ang tatlong katotohanan mula sa Isaias 58 tungkol sa tawag ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan.

## 1 Tinawag ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan na talikuran ang kasamaan at ang pang-aapi ng kapwa.

*"Ang ayunong makapagpapalugod sa akin ay ang ayunong may kasamang matuwid na pag-uugali. Tigilan ninyo ang paggawa ng kasamaan, pairalin n'yo na ang katarungan, palayain ninyo ang mga inaalipin at ang inaapi ay inyong tulungan."* **ISAIAS 58:6**

Noong panahong isinulat ito, inaapi ng mga mamamayan ng Diyos ang mga trabahador at sinasaktan ng mga tao ang isa't isa. Ito ang dahilan kung bakit tinawag ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan upang magsisi—hindi Niya nais na basta na lamang silang hindi kakain, kundi nais Niya na talikuran nila ang kasamaan. Sa ngayon, paano mo sinusunod ang tawag ng Diyos na talikuran ang kasamaan? Paano ito nagiging pag-uumapaw ng ating pananampalataya sa Diyos at hindi isang mabuting gawa para sa ating kaligtasan?

## 2 Tinawag ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan na magpakita ng kabutihan sa mga nangangailangan at inaapi.

*[7]"Bigyan ninyo ng pagkain ang mga nagugutom, patirahin ninyo sa inyong tahanan ang mga walang tahanan, bigyan ninyo ng damit ang mga walang damit, at tulungan ninyo ang inyong mga kaanak. [8]Kapag ginawa n'yo ito, darating sa inyo ang kaligtasan na parang bukang-liwayway, at pagagalingin ko kayo agad. Ako na inyong Diyos na matuwid ang mangunguna sa inyo at ipagtatanggol ko kayo sa pamamagitan ng aking kapangyarihan."*
**ISAIAS 58:7–8**

Hindi lamang nais ng Diyos na talikuran ng Kanyang mga mamamayan ang kasamaan. Nais Niya silang magpakita ng kabutihan sa mga nangangailangan at inaapi. Maliban sa hindi pagkain, ipinapakita sa Kasulatan na ang pag-aayuno ay tungkol sa paggamit ng oras, pagsusumikap, pagkain, tirahan, at pinagkukunan ng yaman upang paglingkuran ang iba. Kung

susunod tayo, ipinapangako ng Diyos na ang ating kadiliman ay gagawin Niyang liwanag. Basahin ang Isaias 58:8–10. Itala ang mga pangako ng Diyos para sa Kanyang mga mamamayan.

## 3 Ang pagtugon sa tawag ng Diyos ay nagbubunga ng pagpapanumbalik sa Kanya at pagbabago sa lipunan.

*[11]"Palagi ko kayong papatnubayan at bubusugin, kahit na mahirap ang kalagayan ninyo. Palalakasin ko kayo, at kayo'y magiging parang halamanang sagana sa tubig at parang bukal na hindi nawawalan ng tubig. [12]Muling itatayo ng inyong mga lahi ang mga lungsod ninyong matagal nang wasak at aayusin nila ang dating mga pundasyon. Makikilala kayo na mga taong tagaayos ng kanilang mga gibang pader at mga bahay."*

**ISAIAS 58:11–12**

Kung ang mga mamamayan ng Diyos ay namumuhay at nag-aayuno ayon sa Kanyang pamamaraan—buong pagpapakumbaba na hinahangad ang Diyos at nananalangin na matupad ang Kanyang kagustuhan, tinatalikuran ang kasalanan at gumagawa ng kabutihan, lalo na sa mga mahihirap at walang kalaban-laban—magdadala Siya ng pagbabago sa lipunan. Mararanasan natin ang patuloy na paggabay ng Diyos, magkakaroon tayo ng kasiyahan at kalakasan, uunlad, at magiging mabunga. Ano ang sinasabi sa Isaias 58:12 tungkol sa pangako ng Diyos na pagpapanumbalik sa Kanya at paano nito mapapalakas ang ating kalooban?

## APPLICATION

- Isipin kung kailan ka huling nag-ayuno o kaya ay kumilos upang paglingkuran ang isang tao. Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung ano ang nasa puso mo at ang iyong motibo, at tulungan kang maunawaan kung ano ang nasa puso Niya para sa mga nangangailangan.
- Basahin ang Isaias 58:8–12. Anong bahagi ng pahayag na ito ang nangungusap sa iyo? Paano ka tinatawag ng Diyos na tumugon dito ngayong linggo?
- Mayroon bang ipinapakita ngayon sa iyo ang Diyos tungkol sa paglilingkod o pananalita mo? Paano mo magagawang tumugon sa isang pangangailangan o kaya ay makapagsalita sa paraang magbibigay sa Kanya ng karangalan?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa ipinangako Niyang presensya habang isinasapamuhay mo ang iyong pananampalataya sa piling ng iyong pamilya at komunidad.
- Ipanalangin na patuloy kang tulungan ng Diyos upang makita mo ang motibo ng iyong puso tungkol sa pag-aayuno at pagbibigay. Hilingin sa Kanya na ang puso mo ay maging kaayon ng puso Niya.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataong mapaglingkuran ang Kanyang mga mamamayan at maging pagpapala ng yaman at salita sa iyong komunidad.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph